

Persistensi ng Lokal na Wikaing Baybayanon: Isang Case Study

Asia Pacific Journal of
Management and Sustainable
Development
Vol. 9 No. 1, 120-125
March 2021

Reymar C. Oria¹, Norlyn L. Borong (EdD)²

¹Visayas State University, ²Southern Leyte State University-Tomas
Oppus, Philippines
reymar.oria@vsu.edu.ph¹-eunice_que@yahoo.com²

Date Received: October 23, 2020; Date Revised: February 6, 2021

Abstract- *The study aimed to determine how the Baybayanon Language remained in the village of Utod, Patag and Pangasugan of Baybay City. A case study design was used. There were nine (9) participants aged sixty (60) up. Two types of instruments were prepared first, the researchers prepared the wordlist. Second, questions have been prepared for interviews. Based on the results, it was discovered that the Baybayanon language was kept in the village of Utod, Patag and Pangasugan by using it daily of their communication, passing the language to the next generation, and by giving their own language values. The result was realized, with various methods the citizens used to maintain their language. The intense promotion and obedience of citizens in maintaining their language procedures has been a serious reason why Baybayanon language is maintained in three villages to the present day. The researchers suggested enriching local language by continuing to learn the language not only in variations but also in the way of reciting words and deep learning of the unique culture contained in three villages.*

Key Words: *Baybayanon; geographical location; no inter-marriage in language; variations*

Abstrak- *Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri kung paano napanatili ang wikang Baybayanon sa barangay Utod, Patag at Pangasugan, Baybay City. Isang case study ang desinyong ginamit. May siyam na (9) kalahok na may edad animpu (60) pataas. Dalawang klaseng instrumento ang inihanda una, naghanda ang mga mananaliksik ng wordlist. Pangalawa, mga katanungan ang inihanda para sa pakikipanayam. Batay sa resulta, natuklasan na napanatili ang wikang Baybayanon sa barangay Utod, Patag at Pangasugan sa pamamagitan ng paggamit nito araw-araw ng kanilang pakikipagtalastasan, pagpasa ng wika sa susunod na henerasyon, at sa pamamagitan ng pagbibigay halaga sa sariling wika. Napagtanto sa resulta, na may ibat-ibang mga pamamaraan na ginamit ang mga mamamayan upang mapanatili ang kanilang kinagisnang wika. Ang masinsinang pagtataguyod at pagsunod ng mga mamamayan sa mga pamamaraan sa pagpapanatili ng kanilang wika ang siyang naging mabigat na dahilan kung bakit ang wikang Baybayanon ay napanatili sa tatlong barangay hanggang sa kasalukuyan. Iminungkahi ng mga mananaliksik na pagyamanin ang lokal na wikain sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ng wika hindi lamang sa mga varyasyon kundi pati na rin sa paraan ng pagbigkas ng mga salita at malalimang pag-aaral ng natatanging kultura na napapaloob sa tatlong barangay.*

Mga Susing Salita: *Baybayanon; heograpikal na lokasyon; no inter-marriage ng wika; varyasyon*

INTRODUKSIYON

Bawat lipunan ay may tiyak na wikang ginamit. Ang terminolohiya, pamamaraan ng pagsasalita at tono ay nagbigay pagkakilanlan ng tao sa kanyang lipunang ginagalawan. Ayon kay Reyes [11] ang bawat tao sa lipunan ay may tiyak na wikang ginamit ayon sa kanilang antas ng pamumuhay, lahi, kasarian, gulang, hanapbuhay, interes at iba pang panlipunang sukatan. Ang layunin sa pag-aaral na ito ay masuri kung paano napanatili at naipreserba ang wikang Baybayanon sa mga barangay ng Baybay ang Utod, Patag at Pangasugan. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay maging kapaki-pakinabang hindi

lamang sa lungsod ng Baybay, pati na rin sa hangarin ng K to 12 kurikulum na maipreserba ang kinagisnang wika sa pamamagitan ng pagsali ng Mother Tongue bilang asignatura sa elementarya.

Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng wika noon at maging sa kasalukuyan ayon kay Albay [1]. Ito ay naging tulay tungo sa kapayapaan ng isang lugar. Mas nagkaintindihan ang bawat mamamayan dahil madali at malayang naipahahatid ng mga Pilipino ang kanilang mga saloobin at kaisipan. Ipinahayag ni Borong [3] sa kanyang disertasyon na maraming mga dahilan kung bakit ang tao ay may kakaibang paraan at

terminolohiyang ginamit kahit parehong lungsod o bayan ang kanilang kinabibilangan.

Sa pag-aaral na ito binigyan-diin ng mga mananaliksik ang wikang Baybayanon. Baybayanon ang ginamit na terminolohiya ng mga mananaliksik sa wika ng Baybay kahit walang pang pag-aaral na magpapatunay na Baybayanon ang pangalan ng wika ng Baybay ngunit habang ginawa ang pagkalap ng datos, gumawa ng interbyu ang mga mananaliksik sa tatlong barangay (Utod, Patag, Pangasugan) sa matatanda kung anong pangalan ng dayalekto ng lungsod ng Baybay. Sa mga tinanong 80% ang nagsabing Baybayanon ang tawag ng kanilang wika. Hindi lamang mula sa tatlong barangay ang tinanong ng mga mananaliksik pati na rin ang ilang mga taong mula sa iba't ibang lugar na Baybay City. Sa katunayan sa tatlumpong (30) tinanong mula sa iba't ibang barangay 75% sa kanila ang nagsabing Baybayanon ang tawag ng dayalekto ng lungsod ng Baybay.

Pinuntan ng mga mananaliksik ang aklatan ng VSU upang tiningnan at inalam kung anong mga pananaliksik tungkol sa Baybayanon. Natuklasan na wala pang nag-aaral tungkol sa wika ng tatlong barangay. Ito ang dahilan kung bakit lalong nahikayat ang mga mananaliksik na pag-aralan ang wikain ng barangay Utod, Patag at Pangasugan.

Higit na naingganyo ang mga mananaliksik na ipagpatuloy ang pag-aaral na ito sapagkat batay sa personal na interbyu sa ilang mamamayan ng tatlong barangay nagkaroon sila ng pag-alala na tuluyang mamamatay ang kanilang orihinal na wika dahil batay sa kanilang obserbasyon marami sa mga kabataan ngayon na mga makabagong salita na ang ginamit sa pagsasalita.

Ayon kay Francisco [7] napakaganda ang epekto ng pagpapatupad ng mother tongue dahil paraan ito para lubusang makilala ng mga kabataan ang kanilang kinagisnang wika at maipreserba ang wika. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing daan na maipreseba ang isang wika na malapit nang mailibing sa limot. Umaasa ang mga mananaliksik na ang nabuong awtput ay magagamit sa mga gurong nagtuturo ng Mother Tongue lalo na sa barangay Utod, Patag at Pangasugan.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN


Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang persistensi ng wikang Baybayanon sa barangay Utod, Patag at Pangasugan.

Sinagot ng pag-aaral na ito ang sumusunod:

1. Paano napanatili ang wikang Baybayanon sa barangay Utod, Patag at Pangasugan?

PAMAMARAANG GINAMIT

Isang case study ang desinyong ginamit sa pag-aaral na ito. Ang case study ay angkop gamitin sa mga pag-aaral na ito sapagkat ito ay tungkol sa isang konsepto, kultura, pangyayari at iba pa. Mula sa tatlong barangay ng Baybay City ang lugar na sinuri. Ang barangay Utod, Patag at Pangasugan. Ang tatlong barangay na sinuri ay magkatabing barangay. Narito ang demographic profile ng tatlong barangay:



Likas na nakatira mula sa barangay Utod, Patag at Pangasugan ng Baybay City, Leyte ang mga kalahok. Kumuha ang mga mananaliksik ng tigtatatlóng (3) kalahok sa bawat barangay. May siyam (9) na kalahok ang pag-aaral na ito. Edad animpu (60) pataas ang kinuhang mga kalahok. Mga kalahok na hindi dumayo sa ibang lugar ang pinili ng mga mananaliksik. Sadyang pinili ang mga kalahok na may 60 pataas na edad at hindi dumayo sa ibang lugar sapagkat naniniwala ang mga mananaliksik na hindi sila gaanong naimpluwensiyahan o nailantad sa mga makabagong paraan ng pagsasalita sa kasalukuyan.

“Referral technique” o “snowball technique” ang paraan ng pagpili ng kalahok na kung saan kumuha ng “key informant” ang mga mananaliksik na nagbigay ideya sa mga mananaliksik kung sino ang gawing mga kalahok sa pamamagitan ng “probability sampling”. Ang piniling kalahok ng pag-aaral na ito ay yaong likas na nakatira sa kanilang lugar.

Wordlist at mga talatanungan ang instrumentong ginamit. Ang mga wordlist ay nilapatan ng mga kalahok ng kanilang terminolohiya o kahulugan. Ang mga salitang inihanda ng mga mananaliksik ay mga salitang laging ginamit sa araw-araw na pakikipag-usap ng mga taga-Baybay. Ang mga kasagutan sa mga inihandang katunungan ay sinuri ng mga mananaliksik sa tulong ng mga kasamahang guro na nagtuturo ng Filipino. At ang resulta ng interbyu ang nagsilbing kasagutan kung paano napanatili ang wikang Baybayanon sa barangay Utod, Patag at Pangasugan. Sa pangangalap ng datos ginawa ng mga mananaliksik ang mga sumusunod: Una, inalam ang kasaysayan sa tatlong barangay sa paraan ng pakikipanayam. Pangalawa, pinili ang magiging kalahok sa tulong ng mga key informant. Pangatlo, dahil medyo malapit lamang ang mga mananaliksik sa tatlong barangay at para lubusang makita at maobserbahan ang kanilang wika pumunta o gumawa ang mga mananaliksik ng isang *immersion* upang personal na masaksikan at marinig ang kanilang mga salita. Sa bahagi ring ito ginawa ang pagpasagot at interbyu sa mga kalahok.

Ginawa ang pagpasagot ng wordlist at interbyu sa kanilang bakanteng oras. Isang impormal na paraan ang pagkuha ng mga datos upang maging kampante ang mga kalahok sa paglapat ng mga salita at sa pagsagot sa mga katanungan ng mananaliksik.

Ang mga salitang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang mga salitang kadalasang ginagamit ng mga kalahok sa araw-araw nilang pakikisalamuha at pakikipagtalastasan sa kapwa.

RESULTA NG PAG-AARAL

Inilahad dito ang resulta ng pagsusuri kung paano pinanatili ang wikang Baybayanon sa barangay Utod, Pangasugan, at Patag. Inilalarawan dito ang mga paraan sa pagpapanatili ng wikang Baybayanon at kung paano naipagmamalaki ang kanilang kakaibang wika (distinct/unique) sa mga kalapit na mga barangay ng lungsod ng Baybay.

Napanatili ang Wikang Baybayanon sa Barangay Utod, Patag at Pangasugan

Ang wika ay buhay Pasion, [9]. Ibig sabihin hindi mapipigilan ang mga magaganap na pagbabago sa mga wikain ng mga bagong henerasyon. Hindi masama ang pagyakap sa mga pagbabago sapagkat palatandaan itong nakikialam kung ano ang bago. Ang mahalaga lamang ay marunong kang lumingon kung ano ang orihinal tulad ng kinagisnang wika. Isa ito sa naging isyu sa kasalukuyan sa paaaralan dahil sa pagpapatupad

ng Mother Tongue Based-Multilingual. Mabibilang lamang sa mga daliri ang mga wikain sa Pilipinas na napanatili ang orihinal na wikain sa kasalukuyan. Ang mga lugar na ito ay dapat pagtuunan ng pansin kung paano sila tularan. Isa sa mga lugar ng Pilipinas na maaaring maipagmamalaki kung pag-usapan ang pagpapahalaga ng wika ay ang lungsod ng Baybay, Leyte partikular sa barangay Utod, Patag, at Pangasugan. Batay sa mga sagot sa ginawang pakikipanayam sa mga kalahok nakikitaan ng tatlong mahahalagang paraan kung papaano napanatili ng mga tao o mamamayan sa tatlong barangay ang kanilang wika mula pa noon hanggang sa kasalukuyan. Ang tatlong mahahalagang paraan na ito ay, *Paggamit ng Wika Araw-Araw, Pagpasa sa Wika sa Susunod na Henerasyon, at Pagpapahalaga sa Sariling Wika.*

Paggamit ng Wika Araw-araw

Sa resulta ng pakikipanayam lahat na mga kalahok na kinuha ay likas na nakatira sa kanilang barangay at hindi nakaranas na nakapunta sa ibang lugar upang magtrabaho. Isa ito sa mga dahilan kung bakit napanatili at naipreserba ang wikang Baybayanon sa barangay Utod, Patag at Pangasugan. Batay rin sa resulta ng interbyu ipinahayag ng mga kalahok na kapag dadalo sila ng pagtitipon kahit pinansin sila ng mga kausap dahil sa kakaiba ng kanilang wika patuloy pa rin nilang ginamit ang kanilang orihinal na wika. Naniniwala rin ang mga kalahok na ang paggamit nila sa kanilang wika sa araw-araw na pakikisalamuha sa mga kapitbahay at sa mga anak ay isa sa mga rason kung bakit naipreserba o napanatili ang kanilang wika. Tulad sa pahayag nina kalahok 1, 2, 4, 7, 9 na “*Ang aming sariling wika ang ginamit. Hindi kami gumamit ng ibang wika tulad ng English sapagkat wala kaming pinag-aralan kaya hindi mahaluan ng ibang wika sa tuwing mag-uusap kami sa bahay (Sagot 8).* Ang pahayag ng mga kalahok 2, 4, 5, 7, 8, 9, “*Nakagisnan na namin ang mga salitang ito, ito rin ang ginamit namin sa aming mga anak, ang aming mga anak ay nag-aasawa at nagkakaroon ng mga anak na ganoon din ang ginamit na wika. Maliban lamang sa mga anak namin na nakapag-asawa ng taga-ibang lugar ay nagkahalo-halo ang kanilang mga salitang ginamit at hindi napanatili ang aming orihinal na wika. Pero ang mga anak namin na nakapag-asawa mula sa kalapit na barangay napanatili ang aming kakaibang wikain” (Sagot 10).* Ganoon din ang pahayag ng mga kalahok 1, 2, 4 5, 7, 8, 9 na nagsabing “*Napanatili ang wika namin dahil kami mismo tinangkilik namin, hindi kami naiingganyo sa mga bagong paraan ng pagsasalita.*

Kahit ang aming anak ay gumamit ng mga bagong paraan ng salita pero hindi nila nakalimutan ang aming wika (Sagot 11). Ang mga sagot na ito ay nagpapatunay kung paano naipreserba ang Baybayanon ng barangay Utod, Patag at Pangasugan.

Ang resultang ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Ball [2] na nagsabing ang pinakamalaking paktor kung bakit mamamatay ang mother tongue dahil sa mga polisiya ng mga magulang na matuto ang kanilang mga anak sa international languages para sa kanilang magandang kinabukasan. Ibinahagi rin nina Burton [5], Gallego at Zubiri [8] na ang pagkatuto ng English ay nagsilbing pasaporte sa tinatawag na globalisasyon kaya habang bata pa ang bata ay tinuruan ng mga magulang ng English sa loob ng bahay. Ang mga pahayag na ito ay isa sa mga dahilan kung bakit unti-unting mamamatay ang kinagisnang wika ng mga bata.

Naniniwala si Tulloch [12] na madaling maipreserba ang kinagisnang wika, isang magandang paraan nito ay mahalín, ipapanatili sa puso at isipan ng tao. Huwag kalimutan ang sariling wika kahit saan ka man pumunta.

Pagpasa sa Wika sa Susunod na Henerasyon

Sa pagpapanatili ng isang wika ay may malaking responsibilidad ang kapaligiran lalo na ang mga magulang. Kung anong payo at inahabilin ng mga magulang para sa kapakanan ng kanyang mga anak ay sinunod ito ng mga anak. Sa resulta ng pag-aaral na ito, isang magandang ehemplo na tularan ng ibang lugar ng Pilipinas dahil sa gitna ng naglipana na mga dinamikong salita napasa at nasunod pa rin ng mga magulang ang kabataan sa barangay barangay Utod, Patag at Pangasugan ang wikang Baybayanon. Ito ay nagpapatunay sa kasalukuyan na ginamit parin ng tatlong barangay ang wikang Baybayanon. Mula sa interbyung ginanap ipinahayag ng mga kalahok 2, 4, 5, 7, 8, 9 na *“Ang aming sariling wika ang ginamit. Hindi kami gumamit ng ibang wika tulad ng English sapagkat wala kaming pinag-aralan kaya hindi mahaluan ng ibang wika sa tuwing mag-uusap kami sa bahay at ito naman ay sinunod ng aming mga anak kapag sila ay lalabas. Kahit nga ang mga anak namin ay may pinag-aralan wika pa rin namin ang ginamit kapag sila ay nakipag-usap sa kanilang mga bunsong kapatid (sagot 8). Pahayag pa rin ng mga kalahok mula kasugutan 9 at 13 “Batay sa aking personal na obserbasyon sa aking mga anak at sa mga kapitbahay may mga wika silang hindi naming maunawaan. Bilang taga-Baybay medyo nag-alala ako dahil ang kakaibang wika naming ay maipagmamalaki namin. Bilang mga magulang hindi*

mawawala ang pagpapaalala sa kanila (sagot 9, kalahok 1, 2, 3, 7, 8). “Hindi magpalinlang sa mga dinamikong salita. Ito ang lagi naming ipinaalala (sagot 13, kalahok 1,2,3,5,7,9).

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig lamang na sa pagpapanatili at pagpreserba ng isang wika ay may malaking reponsibilidad ang mga magulang. Tulad sa pahayag na ito ay isang simpleng pagpapaalala ng mga magulang sa kanilang mga anak at ito naman ay sinunod. Ito naman ay personal na naobserbahan ng mananaliksik habang ginanap ang pangangalap ng datos at nakipag-usap sa mga kabataan na mga mag-aaral din sa VSU. Ang pagpapanatili ng wikang ito ay dapat suportahan sa mga kinuukulan upang hindi ito unti-unti mawawala ang kanilang orihinal na wika. Napansin nina Young at Hadaway [13] na marami na sa mga indigenous languages ay unti-unti ng nawala sa bagong milenya. Maituturing itong malaking problema sapagkat batid ng lahat na napakahalagang maipreserba ang sariling wika. Pero sa resultang ito ay taliwas sa pangamba nina Young at Hadaway [13] sapagkat malinaw sa resultang ito na sa kabila ng mga umiiral na mga pagbabago ng wika nanatili paring tinangkilik ng mga mamamayan ng barangay Utod, Pangasugan, at Patag ang wikang Baybayanon.

Pagpapahalaga sa Sariling Wika

Isang malaking hamon bilang guro ng wika kapag sinabing pagpapahalaga sa sariling wika lalo na kasalukuyan. Sa katunayan isa ito sa mga suliranin ng mga guro sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Sa resulta ng pag-aaral na ito ipinakita ng mga kalahok mula sa tatlong barangay ng Baybay ang pagpapahalaga ng sariling wika patunay nito ang pagpapanatili ng kanilang orihinal na wika sa kasalukuyan. Sa resulta ng pagtatanong nga mga kalahok ipinahayag ang mga paraan kung paano nila ipinakita ang pagpapahalaga sa kanilang sariling wika. Tulad ng mga sumusunod:

“Ou, damo lat nagsigon sang lahi amon puyong dinhi kaysa uban lugar sa Baybay”(Sagot 7, Kalahok 2, 3, 4, 5, 6, 8)

“Oo, maraming nagsabing iba ang aming lenggwahe kumpara sa ibang lugar sa Baybay” (Sagot 7, Kalahok 2, 3, 4, 5, 6, 8)

“Ang among kaugalingong pinuyungan ang amon ginamit. Waya kami nag gamit siton English...Bisan mga edukado mga anak namon ang puyong sada namon amo ginagamit nila kung sila nakig-estorya sila sa ilang mga bugto, kami pod kanunay magpahinudom sa ila nga gamiton ang

amon pinulungan og dili kalimtan”(Sagot 8, Kalahok 1, 2, 4, 7, 9).

“Ang aming sariling wika ang ginamit. Hindi kami gumamit ng ibang wika tulad ng English...Kahit nga ang mga anak namin ay may pinag-aralan wika pa rin namin ang ginamit kapag sila ay nakipag-usap sa kanilang mga bunsong kapatid at lagi rin namin ipinaalala na huwag kalimutan kung anong mayroon kami.” (Sagot 8, Kalahok 1, 2, 4, 7, 9).

“Kini nga puyong amo kini amon namat-an, amo lat ni ginagamit sa amon mga anak, hangtud nag-asawa amon mga anak og amo lat ginagamit sa ilang liwat.”(Sagot 10, Kalahok 2, 4, 5, 7, 8, 9)

“Nakagisnang na namin ang nga salitang ito, ito rin ang ginamit namin sa aming mga anak, ang aming mga anak ay nag-aasawa at nagkakaroon ng mga anak na ganoon din ang ginamit na wika” (Sagot 10, Kalahok 2, 4, 5, 7, 8, 9)

“Nagpabilin kini nga pinulungan namon kay kami mismo mao kini ang amon gigamit, waya mi nadaya anang bag-o na pinuyungan sada.”(Sagot 11, Kalahok 1, 2, 4, 5, 7, 8, 9)

“Napanatili ito dahil kami mismo tinangkilik namin, hindi kami naiingganyo sa mga bagong paraan ng pagsasalita (Sagot 11, Kalahok 1, 2, 4, 5, 7, 8, 9)

“Mawaya gud siton kon wayay taga-Baybay lat na magpreserba sada nga puyong namon. Isip us aka lumulupyo malipayon ako kay nagpakanha ka sang puyong namon.” (Sagot 12, Kalahok 1, 3, 4, 5, 7, 8, 9).

“Mawawala ito kung walang magmamalasakit sa mga taga-Baybay na maipreserba ang wika namin. Bilang isang simpleng mamamayan masaya ako dahil nagpapahalaga ka sa wika namin (Sagot 12, Kalahok 1, 3, 4, 5, 7, 8, 9).

Sa ipinahayag ng mga kalahok malinaw na may pagpapahalaga sa sariling wika ang mga kalahok. Batay sa pahayag ng mga kalahok hindi maipagkakaila kung bakit napanatili o naipreserba ang Baybayanon sa barangay Utod, Patag at Pangasugan. Kaugnay sa resultang ito sa pag-aaral nina Calibayan at Vegafria [6] iminungkahi na hindi tumigil sa pag-aaral sa mga kasaysayan ng mga pinagmulan tulad ng wika sapagkat paraan ito para maipreserba ang mga pangyayaring magsisilbing pagkakilanlan ng isang lugar. Sa mga makalipas na mga panahon ang mga nakasanayan ay mawawala dahil mapapalitan ng mga pagbabagong nagaganap, kaya para hindi mawawala ang kasaysayan o history kailangan itong maipreserba sa pamamagitan ng pagdokumento, pag-aaral at pagsusuri. Marami na

sa mga kabataan sa kasalukuyan ay hindi alam ang kanilang kasaysayan sapagkat lubusang nilang niyakap ang mga pagbabago at tuluyang kinalimutan ang nakagisnang kultura, tradisyon at iba pa.

Bilang gurong nagtuturo sa lingwistika ay nagkakaroon din ng kaba at pagkabahala na dumating ang panahon na tuluyang mamamatay ang mga lokal na wika. Ganoon din ang nararamdaman ni Albay [1], napuna niyang sa dami ng mga salitang lumilitaw siyang maaring nagbubunsod ng modernisasyon ng wikang Filipino. Indikasyon itong patuloy ang pagyabong ng wikang Filipino, ngunit sa kabilang dako naman natapunan din ng mga kabataan ng pansin na unti-unting naglalaho ang kinagisnang wika. Ang wika ay nakatali sa kultura at nagpakilala kung sino ang tao. Bagkus, ang cultural identity ay malabo na dahil sa impluwensiya ng mga kanluraning bansa. Nagkakaroon na rin ng *cultural diversity* ang bansa dahil sa mga umiiral na dinamikong salita. Ang Jejemon at gay linggo ang lihim na wikang nagpapagulo sa wikang kinagisnang.

Naniniwala sina Botangen, Vodanovich, at Yu [4] na ang pagpreserba ng kultura at tradisyon at ganoon din ng mga lokal na lenggwahe isang malaking hamon sa kasalukuyan. Samakatuwid ang pag-aaral na ito ay napakahalaga at malaking ambag sa lungsod ng Baybay lalo na sa tatlong barangay sapagkat paraan ito upang makilala ng bagong henerasyon na ang kanilang lokal na lenggwahe ay nagpakilala sa kanilang lugar. Ibig sabihin ang mga kabataan na mula sa barangay Utod, Patag at Pangasugan ay papahalagahan ang kanilang wika na nagsisilbing kanilang kayamanan.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Napagtanto sa resulta ng pag-aaral na ito na may ibat-ibang mga pamamaraan na ginamit ang mga mamamayan upang mapanatili nila ang kanilang kinagisnang wika. Ang masinsinang pagtataguyod at pagsunod ng mga mamamayan sa mga pamamaraan sa pagpapanatili ng kanilang wika ang siyang naging mabigat na dahilan kung bakit ang wikang Baybayanon ay napanatili sa tatlong barangay hanggang sa kasalukuyan.

Bigyan ng atensiyon ng LGU Baybay ang pagpapanatili ng wikang Baybayanon sa barangay Utod, Patag, at Pangasugan upang tuluyang maipreserba ang wikang ito. Magkakaroon pa ng mga pag-aaral tungkol sa mga wikain ng ikalimang distrito ng Leyte.

MGA REFERENSIYA

- [1] Albay, J. (2016). *Epekto ng modernisasyon ng wikang Filipino sa pag-aaral ng mga senior high school sa unibersidad ng Pangasinan* (Di-nailathalang Tesis). Retrieved from https://www.academia.edu/33470031/Epekto_ng_modernisasyon_ng_wikang_filipino_sa_pag-aaral_ng_mga_Senior_High_School_sa_Unibersidad_Ng_Pangasinan
- [2] Ball, J. (2010). *Enhancing learning of children from diverse language backgrounds: Mother tongue-based bilingual or multilingual education in early childhood and early primary school years*. Victoria, Canada: Early Childhood Development Intercultural Partnerships
- [3] Borong, N. (2017). *Socio-Geograpikal linguistic theory sa Filipino language teaching: Gabay sa MTB-MLE*. Di-nalathalang disertasyon: Cebu Normal Universty, Cebu City
- [4] Botangen, K., Vodanovich, S. at Yu, J., (2017). *Preservation of indigenous culture among indigenous migrants through social media: The Igorot peoples*. In *Proceedings of the 50th Hawaii International Conference on System Sciences*. Retrieved from <https://doi.org/10.24251/>
- [5] Burton, L. (2013). *Mother tongue-based multilingual education in the Philippines: Studying top-down policy implementation from the bottom up*. University of Minnesota.
- [6] Calibayan, M. & Vegafria, G. (2016). Cultural values reflected on folk songs of Arumanen Manobo in barangay Renibon, Pigcawayan North Cotabato, Philippines. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 3 (4).
- [7] Francisco, C. (2007). *Ang papel ng television sa pagtuturo ng walong dagdag na letra ayon sa 2001 revisyon na alfabeto at patnubay sa ispelang ng wikang Filipino*. De La Salle University-Dasmariñas, 2006. Retrieved from <http://www.ptechs.org/ptechs2006/Presentation/CFrancisco.pdf> (Binuksan noong April 12,2007)
- [8] Gallego, M. & Zubiri, L. (2011). MTBMLE in the Philippines: Perceptions, attitudes, and outlook. *Frontiers of Language and Teaching*, 2, pp. 405-414.
- [9] Pasion, R. (2015). Yang Pagbul'lok-bul'lok: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(2).
- [10] Pasion, R. (2014). Varyasyong leksikal sa mga dayalektong Mandaya. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2(6).
- [11] Reyes, A. (2011). *Wika at lipunan*. Reterived from <https://www.scribd.com/doc/61281040/6-W>
- [12] Tulloch, S. (2010). Preserving Dialects of an Endangered Language. *Current Issues in Language Planning*, 7(2-3), pp. 269-286. Retrieved from <https://doi.org/10.2167/cilp098.0>
- [13] Young, T. & Hadaway, N. (2014). Preserving languages in the new millennium: Indigenous bilingual children's books. *Childhood Education Journal*, 90 (5), pp. 358-364. Retrieved from <https://doi.org/10.1080/00094056.2014.952569>

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).